INTRODUCTION

The mission of elderly services is to enable our elders to live in dignity and to provide necessary support for them to promote their sense of belonging, sense of security and sense of worthiness.

OBJECTIVES

Elderly services aim to promote the well-being of elders in all aspects of their life through the provision of a wide spectrum of services to enable them to remain living in the community for as long as possible; and to provide residential care that suits the varying needs of elders whenever necessary.

COMMUNITY CARE AND SUPPORT SERVICES

Community care and support services assist elders to remain living in the community for as long as possible and give support to their carers. With increasing diversity of community care and support services, a more integrated approach is adopted to facilitate access to services. In brief, there are three types of community care and support services, namely, elderly centre services, community care services and other community support services.

Elderly Centre Services

District Elderly Community Centres (with Support Teams for the Elderly), Neighbourhood Elderly Centres and Social Centres for the Elderly provide multifarious community support services for elders and their carers at district and neighbourhood levels, such as case management, community and health education, carer support services, social and recreational activities, volunteer development and outreaching services, at centres in the vicinity of their homes.

Community Care Services

Day Care Centres/Units for the Elderly, Enhanced Home and Community Care Services Teams, Integrated Home Care Services Teams and Home Help Team provide services, such as personal care, nursing care, rehabilitation training, social activities, day respite services and carer support services, for frail elders and/or elders in need of services in a familiar home and community environment.

Other Community Support Services

Other community support services, such as the Senior Citizen Card Scheme, the Opportunities for the Elderly Project and the Holiday Centre for the Elderly, enable elders to enjoy their life in the community, to develop their potentials and to continue with their contributing role in society.

RESIDENTIAL CARE SERVICES

Residential care services provide residential care and facilities for elders aged 65 or above who, for personal, social, health and/or other reasons, cannot adequately be taken care of at home. Persons aged between 60 and 64 may apply if there is a proven need. In brief, there are four types of residential care services, namely, Hostels for the Elderly, Homes for the Aged, Care and Attention Homes for the Elderly and Nursing Homes.

Hostels for the Elderly (Note)

Hostels for the Elderly provide communal living accommodation, programme activities and round the clock staff support for elders who are capable of self-care.

Homes for the Aged (Note)

Homes for the Aged provide residential care, meals and a limited degree of assistance in daily living activities for elders who are unable to live independently in the community yet are not dependent on assistance in personal or nursing care.

Care and Attention Homes for the Elderly

Care and Attention Homes for the Elderly provide residential care, meals, personal care and limited nursing care for elders who suffer from poor health or physical/mild mental disabilities with deficiency in daily living activities but are mentally suitable for communal living. Some care and attention places are provided by contract homes and private homes participating in the Enhanced Bought Place Scheme.

Nursing Homes

Nursing Homes provide residential care, meals, personal care, regular basic medical and nursing care, and social support for elders who suffer from poor health or physical/mental disabilities with deficiency in daily living activities but are mentally suitable for communal living. Some nursing home places are provided by contract homes.

Note: The Social Welfare Department has ceased to accept new applications for placement in Hostels for the Elderly and Homes for the Aged since 1 January 2003. Starting from 2005-06, self-care hostel and home for the aged places will gradually be phased out and converted into care and attention places providing a continuum of care.

Social Welfare Department
Hotline: 2343 2255
Website: http://www.swd.gov.hk



December 2009

Serbisyo para sa Matatanda
Elderly Services

Tagalog (Philippines) 菲律賓文

社會福利署
Social Welfare Department

PANIMULA

Layunin ng serbisyo para sa matatanda na mabuhay sila nang may dangal at mabigyan sila ng kinakailangang suporta upang maitaguyod at maramdaman nila na sila ay bahagi ng isang pamilya, ligtas at may kahalagahan.

MGA LAYUNIN

Itinataguyod ng serbisyo para sa matatanda ang kapakanan nila sa lahat ng bahagi ng kanilang buhay sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang serbisyo na hangga't maari ay makakatulong sa pamumuhay nila sa pamayanan; at kung kinakailangan ay makapagbigay ng pangangalaga sa isang residente o institusyon na makapagbibigay ng mga pangangailangan ng mga nakatatanda.

PANGANGALAGA AT SERBISYO SA PAMAYANAN

Hangga't maaari, tumutulong ang serbisyo para sa pangangalagang pampamayanan at suporta para sa nakatatanda upang manatili silang namumuhay sa pamayanan at masuportahan ang kanilang mga tagapangalaga. Kasabay sa pagdami ng mga pangangalaga at suporta sa pamayanan, kinakailangang mapag-ugnay-ugnay ang mga ito at maisaayos ang pagkuha ng mga serbisyo. Sa madaling salita, may tatlong uri ng pangangalaga sa komunidad at suporta sa mga serbisyo, kabilang dito ang mga sentrong pangserbisyo para sa nakatatanda, mga serbisyo para sa pangangalagang pampamayanan at iba pang mga suporta sa mga serbisyo.

Sentrong Pangserbisyo para sa Nakatatanda

Naghahandog ng iba't ibang serbisyong pampamayanan ang Pandistritong Sentro para sa Pamayanan ng Nakatatanda (pati ang mga Suportang Grupo para sa Matatanda), Sentrong Pangkapitbahayan at ang Panlipunang Sentro para sa Nakatatanda, at sa mga tagapag-alaga nila at magkakapitbahayan sa kanilang distrito, tulad ng pagsasaayos ng pag-aalaga, pampamayanan at pangkalusugang edukasyon, suportang serbisyo para sa tagapag-alaga, mga panlipunan at panlibangang aktibidad, pagpapaunlad ng volunteers at iba pang serbisyong panlabas sa mga sentro na matatagpuan sa paligid ng kanilang mga tahanan.

Serbisyo para sa Pangangalagang Pampamayanan

Nagbibigay din ng serbisyo ang Sentro para sa Pangangalaga sa Araw/Yunit para sa Nakatatanda, Grupo para sa Ibayong Pag-aalaga at Pampamayanang Serbisyo, Grupo para sa Magkakaugnay na Serbisyong Pantahanan at Grupo para sa Pag-aalaga sa Tahanan at Pamayanan gaya ng personal na kalinga, alaga para sa may sakit, pagsasanay para makapanumbalik ang lakas, panlipunang gawain, pansamantalang pangangalaga (sa panahon ng pahinga o break) at serbisyo para sa nag-aalaga, para sa mga matatandang delikado ang kalagayan at mga matatandang nangangailangan ng serbisyo sa tahanan at pamilyar na pamayanan.

Iba pang Suportang Pampamayanan

Iba pang suportang pampamayanan, gaya ng Sistema ng Kard para sa Matatandang Mamamayan, Oportunidad sa Proyekto para sa Matatanda at Sentrong Pampagdiriwang para sa Matatanda ang nagbibigay ng pagkakataon na masiyahan sila sa buhay pamayanan, mapaunlad ang kanilang potensyal at maipagpatuloy ang makabuluhang kontribusyon nila sa lipunan.

SERBISYO PARA SA PANGANGALAGANG RESIDENSYAL

Ang serbisyo para sa pangangalagang residensyal ay ang pagbibigay ng pangangalaga at pasilidad para sa matatandang may edad 65 taon pataas, na dahil sa personal, panlipunan o pangkalusugang kadahilanan, ay hindi sapat na mapangangalagaan sa kanilang sariling tahanan. Maaring magsumite ng aplikasyon ang mga taong may edad 60 hanggang 64 kung mapapatunayang may pangangailangan sila. May apat na tipo ng pangangalagang residensyal: Hostels para sa Matatanda, Tahanan para sa Matatanda, Tahanan para sa Pangangalaga at Atensyon para sa Matatanda at Tahanan sa Panggagamot.

Hostels para sa Matatanda (Tandaan)

Nagbibigay ang Hostels para sa Matatanda ng sama-samang paninirahan, nagbubuo ng mga programa at aktibidad at 24 na oras na suporta para sa matatanda na kayang alagaan ang kanilang sarili.

Tahanan para sa Matatanda (Tandaan)

Nagbibigay ang Tahanan para sa Matatanda ng pangangalagang residensyal, pagkain at pag-alalay sa pang-araw-araw na gawain ng nakatatandang hindi na kayang mabuhay nang walang tulong mula sa ibang tao sa pamayanan ngunit hindi rin naman umaasa sa ibang tao para sa personal at pangangalagang medikal.

Tahanan para sa Pangangalaga at Atensyon para sa mga Matatanda

Ang Tahanan para sa Pangangalaga at Atensyon para sa mga Matatanda ay nagbibigay ng pangangalagang residensyal, pagkain, personal at medikal para sa matatandang may mahinang pangangatawan o may kakulangan ang pag-iisip na bagamat may kakulangan upang mabuhay sa pang-araw-araw ay kaya pa naman ng kaisipan na makisalamuha kasama ang iba. Ilan sa mga lugar para sa pangangalaga at atensyon sa matatanda ay matatagpuan sa mga pribadong tahanan na kinontrata upang makibahagi sa Plano para sa Pagpapahusay sa Nabiling Lugar.

Tahanan para sa Panggagamot

Ang Tahanan para sa Panggagamot ay nagbibigay ng pangangalagang residensyal, pagkain, personal, para sa pangunahing pangangailangang medikal at suportang panlipunan para sa matatandang may mahinang kalusugan o may pisikal at mental na kakulangan, walang kakayanang maisagawa ang pang-araw-araw na gawain ngunit angkop ang kaisipan para sa sama-samang pamumuhay. Ilan sa tahanan para sa panggagamot ay isinasagawa sa mga kinontratang tahanan.

Tandaan: Ang Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan ay hindi na tumatanggap ng bagong aplikasyon para sa paglalagak sa mga Hostels at Tahanan para sa Matatanda mula pa noong ika-1 ng Enero 2003. Magmula 2005-2006, unti-unti nang mawawala ang hostel para sa pansariling pangangalaga at tahanan para sa matatanda upang gawin silang lugar para sa pangangalaga at atensyon na naghahandog ng maraming klase ng pangangalaga.

Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan
Hotline: 2343 2255
Website: http://www.swd.gov.hk

Disyembre 2009